

Mga Prinsipyo ng Pagsasama-Sama

Isang Pahayag ng Paninindigan

Pinagtibay ng Global Humanitarian Platform, ika-12 Hulyo 2007

Ang *Global Humanitarian Platform*, na binuo noong Hulyo 2006, ay nagbibigkis sa mga *humanitarian organizations* na kabilang at di kabilang sa *United Nations* ayon sa pagkakaisa at pagkakapantay-pantay, ay

- Masigasig na pinagtibay ang pagka-mabisa ng mga makataong pagkilos, batay sa pagtupad ng tungkuling etikal at tapat na pananagutan sa mga pinaglilingkurang komunidad,
- Kinikilala ang pagkakaiba-iba bilang isang mahalagang yaman ng pamayanang *humanitarian* at kinikilala ang pagkakaugnay-ugnay ng mga organisasyong *humanitarian*,
- Naninindigan sa pagtatatag, pangangalaga at pagpapalago ng isang matibay at makabuluhang pagsasama-sama,

... ang mga organisasyong nakikilahok sa ***Global Humanitarian Platform*** ay sumasang-ayon na itaguyod ang kanilang pagsasama-sama sa mga sumusunod na batayang prinsipyo:

• **Pagkakapantay-pantay**

Ang pagkakapantay-pantay ay nangangailangan ng paggalalang sa bawat kasapi ng samahan nang walang kinikilingan ayon sa laki o impluwensiya ng kahit anong kasaping organisasyon. Nararapat na igalang ng bawat kasapi ang mandato, layunin, tungkulin at karapatan o kasarinlan ng ibang mga kasapi, at kilalanin ang kani-kanilang mga katungkulan at limitasyon. Gayunpaman, ang paggalang na ito ay hindi dapat maging hadlang sa isang malaya at kapaki-pakinabang na pagpuna at di pagsang-ayon.

• **Matapat na paglalantad**

Ang matapat na paglalantad ay makakamit sa pamamagitan ng dayalogo at pagpapahalaga sa malinaw at maagang pamamahagi ng impormasyon ng mga kasapi. Ang malinaw na komunikasyon at tapat na paglalantad ng impormasyon, kabilang ang paglalantad ng mga usaping pananalapi, ay nagpapatingkad sa pagtitiwala sa kasapian.

• **Pamamaraang nakatuon sa mga Resulta**

Upang maging mabisa at makabuluhan, dapat na nakatuon ang mga pagkilos na *humanitarian* sa pag-aaral ng mga realidad ng konkretong sitwasyon. Kinakailangang laging nakabatay ang sabayang pagkilos ng mga kasapi sa maayos na pagtataya ng kani-kanilang kakayanan at kapasidad.

• **Responsibilidad**

Tungkulin ng mga organisasyong *humanitarian* ang isagawa ang kani-kanilang pagkilos sa paraang makabuluhan, responsable at may integridad. Dapat siguruhin ng mga kasapi na kaya nilang tugunan at tuparin ang kani-kanilang mga obligasyon, ayon sa kani-kanilang kapasidad at kakayanan. Dapat ding pag-ibayuhin ang pag-iwas at paglutas sa abuso ng mga manggagawang *humanitarian*.

• **Pakikipag-ugnayan**

Ang pagkakaiba-iba sa loob ng pamayanang *humanitarian* ay nagbibigay ng lakas sa mga kasapi nito, sapagkat naglalapat ang kani-kanilang kakayanan. Dapat pagtibayin ang ganitong pagtutulong-tulong upang iangat ang kolektibong lakas at kapasidad ng pamayanang *humanitarian*, lalo na sa mga komunidad. Hangga't maaari, dapat sikapin ng mga organisasyong *humanitarian* na magtulungan, lalo na tuwing *emergencies* o panahon ng kagipitan. Dapat ring silang magsikap na lutasin ang anumang mga balakid na maaaring dulot ng wika o kultura.